

タガログ語

Pagbibigay ng child allowance pati sa nasa ikatlong baitang ng elementarya



Pamilyang kapos sa pamumuhay ay maaring tumanggap ng child allowance mula sa pamahalaan. At mula Hunyo ngayong taon ayon sa bagong batas ay tatanggap ng suporta ang sinumang may anak na maliit hanggang ikatlong baitang sa elementarya..

Sino ang nararapat sa child allowance

Sinumang pinayagang tumira sa Japan ng higit sa isang taon.

Sinumang naka-rehistro.

Sinumang nag-aalaga ng mga bata sa ikatlong baitang o mas bata pa.

Subalit kung ang inyong kita ay higit pa sa mga sumusunod, hindi kayo maaaring mag-aply.

Maximum income kada taon		
Bilang ng Umaasa	Kasama sa National pension • hindi kasama	Kasama sa welfare/mutual pension (hindi inaatasang magbayad)
0	¥3,090,000	¥4,680,000
1	¥3,470,000	¥5,060,000
2	¥3,850,000	¥5,440,000
3	¥4,230,000	¥5,820,000
4	Karagdagang ¥380,000 kada tao	karagdagang ¥380,000 kada tao

Allowance kada buwan

Tig-¥5,000 para sa una at ikalawang anak, tig- ¥10,000 para sa ikatlo at susunod na mga anak.

Paano mag-aply para sa child allowance

Ang sinumang nais mag-aply ng child allowance, sagutan ang claim form para sa pagpapatibay at ipasa sa Childcare Supporting Section (kung taga Fujimi-shi). Ang mga sangay na tanggapan ng munisipyo ay hindi tumatanggap ng aplikasyon. Ang child allowance ay ibinibigay mula sa susunod na buwan matapos ipagpatibay, kaya't hinihikayat ang mabilisang aplikasyon.

(Ang bank book sa pangalan ng aplikante ay kailangan para sa aplikasyon ng allowance.)

Fujimino International Culture Exchange Center

<http://www.alpha-net.ne.jp/users2/ficec/>

タガログ語

Mga dokyumentong kailangan sa pag-aply

Ang mga sumusunod na dokyumento ay kinakailangan para sa child allowance application.

1. Katibayang nagpapakita na kasama sa Pension
2. katibayan ng kita ng aplikante para sa child allowance application ng 200X
《ibinibigay sa munisipyo kung saan nakarehistro ang aplikante mula Enero 1, 200X》
3. aplikasyon para sa paglilipat ng child allowance sa bank account ng aplikante.

Impormasyon

Fujimishi city hall: sa Childcare Supporting Section 049-251-2711

Kamifukuokashi city hall: sa Child Welfare Section 049-261-2611

Oimachi town hall: sa Childcare Section 049-261-2811

Miyoshimachi town hall: sa Welfare Child Section 049-258-0019

- Kung nahihirapan kayo sa Nihonggo, huwag mag-atubiling lumapit sa Center (FICEC)

International Mini Cultural Exchange sa Oimachi

Kailan- Set. 12 (Lingo) 10:00 ~ 14:00

Saan: Umaga sa Oimachi Higashihara elementary school gym

Hapon sa Ureshinokaikan

Programa: Umaga– Wadaiko Japanese drum, bamboo dance
at iba pang mga palaro

Hapon- Pananghalian, musika, kuwentuhan

Kasuotan: Indoor sports shoes

Inaanyayahanan: Mga mamamayan at banyagang naninirahan
o nag-aaral sa bayan at karatig-bayan.

Libre ang pagsali.

Persian class bukas na!!

Halina't mag-aral tayo ng salitang Persyano, wika ng Iran, na isa sa mga bihirang lengguage. Ang guro ay isang katutubo ng Iran. Matuto at makilala ang isang kultura at tradisyon na naiiba sa Europa, America at Asya.

Saan: Fujimino international cultural exchange center

Kailan: Klase sa umaga tuwing Miyerkules, 10:00~12:00

Klase sa Hapon, Lunes~Biyernes 13:00~15:00

Guro: Ghaznavian Mostafa (Iranian)

Kabayaran: ¥1000 kada klase

Impormasyon: Fujimino international cultural exchange center . Tumawag sa Tel. 049-275-0370

● Japanese class para sa mag-anak Tayo ng mag-usap sa Nihonggo!

Isang bagong Japanese class para sa “magulang at mga anak” ay binuksan sa Oi Chuokouminkan (central public hall)

Kailan: Tuwing Sabado 1:30~3:30

Saan: Oimachi Chuokouminkan 1st floor

Impormasyon: Fujimino International
Cultural Exchange Center

Tel: 049-275-0370

o Oi Chuokouminkan

Tel: 049-261-0648